



New Jersey Economic Development Authority
Pondong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon - Eksperimental na Programang
Gawad
Abiso sa Pagkakaroon ng Pondo

Magsisimula na ang New Jersey Economic Development Authority (“NJEDA,” (Awtoridad ng New Jersey sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya) or “Authority”) na tumanggap ng mga aplikasyon para sa Eksperimental na Programang Gawad ng **Pondong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon** (“Pondo”) sa Agosto 17, 2023 sa ganap na 10:00am EST. Kailangang isumite ang mga aplikasyon hanggang Oktubre 19, 2023 sa ganap na 5:00pm. Mayroong \$10 milyon sa pamamagitan ng kompetitibong proseso ng aplikasyon na makukuha ang karapat-dapat na maliliit na negosyo para sa mga proyekto ng pagpapaunlad ng real estate na nakaranas ng pagtaas ng mga gastos sa konstruksyon at mga puwang sa pagpopondo ng proyekto na nagresulta mula sa pandemyang COVID-19. Kasunod ng pagsasara ng panahon ng aplikasyon, rerepasuhin ang mga aplikasyon para sa pagkakumpleto at pagiging karapat-dapat at pagkatapos ay bibigyan ng score ng komite ng mga kawani ng NJEDA. Ang mga aplikasyong may mataas na score ay ipiprisinta sa NJEDA Board para maaprubahan.

Maa-access ang aplikasyon online sa: [Pondong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon - NJEDA](#).

Layunin

Itinatag ang Pondo upang magbigay ng pagpopondo sa mga karapat-dapat na aplikante para sa mga proyekto ng pagpapaunlad ng real estate na nakaranas ng pagtaas ng mga gastos sa konstruksyon at mga puwang sa pagpopondo ng proyekto na nagresulta mula sa pandemyang COVID-19. Kabilang sa mga karapat-dapat na proyektong real estate ang pangkomersyo/opisina, pagmamanupaktura, at mga proyektong mixed-used (magkahalong pangkomersyo at residensyal ang gamit) na may sukat na hindi bababa sa \$5 milyong kabuuang gastos sa proyekto.

Pangkalahatang Pananaw

Ang American Rescue Plan (ARP, Plano ng Pagligtas sa Amerika), na nilagdaan upang maging batas ni Pangulong Joe Biden noong Marso 11, 2021, ay isang \$1.9 trilyon na panukalang batas na pantulong sa ekonomiya na idinisensyo upang muling ibangon at muling simulan ang ekonomiya ng Amerika nang dahil sa emerhensya sa pampublikong kalusugan na sanhi ng Coronavirus (COVID-19) sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga pamilya, komunidad, at maliliit na negosyo. Sa pamamagitan ng Coronavirus State and Local Fiscal Recovery Funds (SLFRF, Piskal na Pondo ng Estado at Lokal na Pamahalaan para sa Pagbangon), naghatid ang ARP ng \$350 bilyon sa mga pamahalaang pang-estado, lokal, at pantribo upang suportahan ang kanilang pagtugon sa, at pagbangon mula sa COVID-19.

Noong Hunyo 2022, ang Administrasyong Murphy at ng Lehislatura ng New Jersey ay ginawang makukuha ang \$10 milyon ng Coronavirus State Fiscal Recovery Funds (CSFRF, Mga Piskal na Pondo ng Estado para sa Pagbangon sa Panahon ng Coronavirus) para sa NJEDA sa pamamagitan ng State Fiscal Year 2023 Appropriation Act (“Act” o ang Batas sa

Paglalaan ng Pondo sa Piskal na Taong 2023 ng Estado) para sa "Pagpipinansya sa Puwang - Pagpipinansya sa mga Proyektong Real Estate." Kaya naman, upang maibsan ang epekto sa ekonomiya ng pandemyang COVID-19 itinatag ang Pondo bilang eksperimental na programa na magbibigay ng pagpipinansya sa puwang at tutulong sa mga proyekto ng pagpapaunlad ng real estate na kung saan tumaas ang mga gastos sa konstruksyon at mga puwang sa pagpopondo ng proyekto na nagresulta mula sa pandemyang COVID-19. Habang patuloy na bumabangon ang ekonomiya ng New Jersey sanhi ng COVID-19, mahalaga ang pamumuhunang nagdudulot ng pagbabago para sa pagsuporta sa mga lokal na ekonomiya at pagtataguyod ng malalakas, matatatag, at mga makatarungang pagbangon ng ekonomiya.

Alinsunod sa Pinal na Patakaran ng U.S. Treasury (Tesorerya ng U.S.), itinatag ang Pondo sa ilalim ng Kategoriya ng Pagiging Karapat-dapat 6 (EC 6). Alinsunod sa mga pederal na patnubay, ang lahat ng pagpopondo sa programa ay kailangang maoblige hanggang Disyembre 31, 2024, at kailangang magastos hanggang Disyembre 31, 2026, kaya ang pagiging handa ng proyekto ay susi sa pagsasaalang-alang ng pagpopondo at ang katibayan ng lahat ng iba pang pinagkukunan ng pagpopondo ay kailangang ipaalam kasama ang aplikasyon para sa proyekto.

Pagpopondo

Ang inapubahang layunin ng mga pondong SLFRF ng Eksperimental na Gawad na Pondong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon ay para sa Pagpapalit ng Kita (Kategoriya 6) alinsunod sa Pinal na Patakaran ng U.S. Treasury.

Itinatag ang Pondo bilang \$10 milyong kumpetitibong programang gawad upang maibsan ang mga negatibong epekto ng pandemyang COVID-19 sa ekonomiya. Magbibigay ang Pondo ng pinakamababang gawad na \$500,000 at pinakamalaking gawad na \$5,000,000 sa bawat inapubahang proyekto. Ang gawad na pagpopondo ay hindi maaaring lumampas ng 20% ng kabuuang gastos sa proyekto.

Ibibigay ang gawad na pagpopondo batay sa ipinakitang pagtaas ng gastos at puwang sa pagpopondo na nauugnay sa pandemya kabilang ang pagrerepaso sa mga kinakailangan sa nakakontratang sahod sa konstruksyon. Ang mga halaga ng gawad na pagpopondo ay pagpapasyahan pagkatapos ng pagrerepaso sa pagiging makatuwiran ng gastos at Pagdodoble ng mga Benepisyo.

Ang pinakamalaking isang gawad ay ibibigay sa bawat developer ng real estate mayroon man itong iba't ibang entidad ng espesyal na layunin. Rerepasuhin ng mga kawani ng NJEDA ang mga karaniwang responsibilidad sa pamamahala o konstruksyon sa pagitan ng mga aplikante.

Pagiging Kwalipikado

Ang mga karapat-dapat na aplikante ay maliliit na negosyo na gumagawa sa karapat-dapat na proyektong real estate sa New Jersey na nakaranas ng puwang sa pagpopondo na nauugnay sa COVID-19.

Gaya ng inilalarawan sa mga pinal na patakaran ng CSFRF (31 CFR 35.3), ang isang maliit na negosyo ay isang negosyo o iba pang organisasyon na:

1. May hindi hihigit sa 500 empleyado o, kung naaangkop, pamantayan sa bilang ng mga empleyado na itinakda ng Tagapangasiwa ng Small Business Administration (Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo) para sa industriya kung saan pinapatakbo ang negosyo o organisasyon, at
2. Isang maliit na negosyo gaya ng inilalarawan sa seksyon 3 ng Small Business Act (Batas sa Maliit na Negosyo, 15 U.S.C 632)

Ang mga karapat-dapat na proyekto para sa Pondo ay limitado sa mga sumusunod na proyektong real estate (malaking rehabilitasyon at/o bagong konstruksyon):

- Pangkomersyo (kasama ang opisina)
- Pagmamanupaktura
- Mga pagpapaunlad na mixed-used; ang anumang residensyal na bahagi ay kailangang sumusunod sa 20% na pagreserba para sa mga sambahayang mababa at katamtaman ang kita na iniaatas ng N.J.S.A. 52:27D-329.9(b)

Kasama sa mga karagdagang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ng proyekto para sa Pondo ang:

- Ang mga proyektong binubuo ng 100% bodega o 100% retail ay **hindi karapat-dapat** para sa pagpopondo; gayon pa man, maaaring isama ang espasyong bodega bilang direktang suportang sa pangunahing gamit ng karapat-dapat na proyekto;
- Ang mga proyekto ay kailangang na may sukat na hindi bababa sa \$5 milyong kabuuang gastos sa proyekto;
- Kailangang sumang-ayon ang developer sa pagpapaliban ng 50% singil ng developer;
- Ang lahat ng proyekto ay dapat sumailalim sa nananaig na batas sa sahod at pagsunod sa iba pang mga hinihingi ng mga pamantayan sa paggawa;
- Ang mga proyektong sinimulan na ang konstruksyon bago ang aplikasyon ay maaari lamang isama ang mga gastos bilang mga karapat-dapat na saklaw na gastos kung isinama nito ang nananaig na sahod ng estado ng New Jersey o mga hinihingi hinggil sa sahod ng pederal na batas nina Davis-Bacon sa kontrata ng konstruksyon bago ang pagsisimula ng konstruksyon, o binabayaran na ng proyekto ang nananaig na sahod o ang mga antas ng sahod alinsunod sa Davis-Bacon gaya ng naaangkop.

Mga karagdagang hinihingi sa aplikante:

- Kailangang maging nasa mabuting katayuan sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development (Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa) at NJ Department of Environmental Protection (Kagawaran ng Proteksyon sa Kapaligiran) sa panahon ng aplikasyon upang maging karapat-dapat. Kailangang ibigay ang kasalukuyang tax clearance certificate bago maaprubahan upang maipakita na ang aplikante ay nasa napakabuting katayuan sa NJ Division of Taxation (Dibisyon ng Pagbubuwis), maliban kung hindi kailangan ng aplikante na magparehistro sa Division of Taxation.
- Susuriin ang mga aplikante sa Federal System for Award Management (Pederal na Sistema para sa Pamamahala ng Gawad) upang matiyak na hindi inialis ang entidad.

Mangyaring tingnan ang seksyon na "Karagdagang Impormasyon" para sa pagtalakay ng mga ipinagbabawal sa batas ng Pamahalaan ng Estado at Pederal na Pamahalaan kung saan sumasailalim ang NJEDA (iyon ay, Russia/Belarus, mga aktibidad na nauugnay sa cannabis, Mambabatas / Opisyal/mga empleyado ng estado o kanilang mga katuwang) na maaaring maapektuhan ang mga kaanib.

Mga Karapat-dapat na Paggamit

Sa ilalim ng Pondong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon, maaari lamang gamitin ang pagpopondo para sa mga inaprubahang gastos sa proyekto ng pagpapaunlad ng real estate batay sa aplikasyon, pagrerepaso ng NJEDA, at kasunduan sa gawad ng pagpopondo. Gagamitin ang mga gawad para sa mga hard at soft cost ng proyekto ng pagpapaunlad ng real estate sa hinaharap, kung saan hindi mahigit sa 20% ng gawad ang maaaring gamitin para suportahan ang mga soft cost sa pagpapaunlad ng proyekto.

Hindi maaaring gamitin ang pagpopondo sa pagbabayad sa mga singil ng developer.

Pagsumite ng Aplikasyon at Proseso ng Pagrerepaso (kabilang ang Pagbibigay ng Score)

Ang mga aplikasyong isinumite pagkatapos ng deadline nito sa Oktubre 19, 2023 ay hindi tatanggapin o rerepasuhin.

Para mag-apply, kailangang magparehistro ang aplikante o mag-log in sa portal ng online na aplikasyon, kumpletuhin nang buo ang lahat ng tanong na kailangang sagutin, at i-upload ang lahat ng hinihinging kalakip sa PDF kabilang ang mga sumusunod:

- Dokumentasyon ng organisasyon ng aplikante na nagkukumpirma sa pagiging karapat-dapat nito bilang maliit na negosyo;
- Karanasan at kapasidad ng aplikante at ng pangkat sa pagpapaunlad na ipakita ang pagpapatupad ng mga proyekto na may katulad na laki at sakop;
- Pangkalahatang pananaw at paglalarawan ng proyekto;
- Salaysay na naglalarawan sa epekto ng COVID-19 at mga pagtaas ng gastos na nauugnay sa pandemya;
- Mga badyet ng proyekto (detalye sa linya ng Mapagkukunan at Paggamit), pro forma/mga inaasahang daloy ng pera, at katibayan ng pagpipinansya;
- Kontrata ng konstruksyon at mga kaugnay na dokumento tulad ng mga paghahambing sa pagkakahati ng gastos sa proyekto, at katibayan ng mga pagsusumikap upang mabawasan ang mga gastos, tulad ng mga pagsusumikap na inhinyeriyang nakakatipid sa gastos (value engineering);
- Salaysay o dokumentasyon ng mga lokal na pagrerepaso at pag-apruba/permit;
- Timeline ng pagpapaunlad ng proyekto.

Pagkatapos ng panahon ng pagsasara ng aplikasyon, rerepasuhin ng mga kawani ng NJEDA ang lahat ng aplikasyon kung kumpleto ang mga ito. Sa natatanging diskresyon ng Authority, maaaring humingi ng anumang mga kinakailangang paglilinaw ang mga kawani

ng NJEDA hinggil sa aplikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga tugon, dokumentasyon, at mga kalakip. Bibigyan ang mga aplikante ng 10 araw ng negosyo para tumugon upang lutasin ang mga kakulangan. Kung sa katapusan ng panahon ng paglutas ay hindi tumugon ang aplikante, hindi susulong ang aplikasyon para mabigyan ng score at ituturing na iniurong.

Ang mga aplikasyong itinuring na kumpleto ay rerepasuhin at bibigyan ng score ng komite ng pag-score sa pagsusuri na bubuuin ng mga kawani ng NJEDA. Bibigyan ng score ang mga aplikasyon sa scale na 0 - 104 puntos, na may mga rekomendasyon sa gawad na limitado sa mga aplikasyoong tumutugon at lumalampas sa kinakailangang pinakamababang score na 65 puntos.

Gaya ng nakabalangkas sa mga espesipikasyon ng Pondong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon, isasama sa mga salik sa pagbibigay ng score at puntos ang:

- Iminumungkahing proyekto (epekto at kapakinabangan ng iminumungkahing proyekto para sa komunidad at ekonomiya) *(hanggang 25 puntos)*
- Pagiging Posible Pagdating sa Pananalapi at Pagiging Epektibo ng Gastos sa Proyekto *(hanggang 15 puntos)*
- Kahandaang magpatuloy *(hanggang 35 puntos)*
- Karanasan at kapasidad ng aplikante/pangkat sa pagpapaunlad *(hanggang 20 puntos)*
- Mga pagsusumikap para mabawasan ang mga gastos *(hanggang 5 puntos)*
- Mga bonus na puntos para sa ** *(hanggang 4 na puntos)*
 - ** *lokasyon sa loob ng komunidad na mababa o katamtaman ang kita o kuwalipikadong lugar ng senso (alinsunod sa mga patakaran ng SLFRF); pakikibahagi ng sertipikadong Women, Minority, Veteran Business Enterprises (MWVBE, Mga Negosyo ng mga Kababaihan, Minoridad, Beterano) sa NJ*

Irerekomenda ang mga aplikasyon sa Board para sa pag-apruba ng gawad simula sa aplikasyong may pinakamataas na score hanggang sa maigawad ang lahat ng pagpopondo ng programa. Kung hindi naigawad ang lahat ng pondo ng programa sa panahon ng unang panahon ng aplikasyon, muling bubuksan ang aplikasyon sa radilyong batayan at ibibigay ang mga gawad sa batayan na kung sino ang mauuna sa mga karapat-dapat na aplikanteng makatutugon sa pinakamababang score na 65 puntos.

Ang lahat ng karapat-dapat na aplikasyon ay tutungo sa Board para maaprubahan, at ang lahat ng aplikasyong hindi tinanggihan dahil sa mga dahilang hindi diskresyonaryo ay magpatuloy rin sa Board.

Paglalabas ng Gawad na Pondo

Sa oras na maaprubahan ang proyekto para sa pagpopondo, papasukin ng NJEDA ang kasunduan sa gawad kasama ang aplikante na nagdedetalye ng proyektong popondohan,

mga karapat-dapat na gastos sa proyekto, halaga ng pagpopondo sa gawad, at lahat ng hinihingi sa pinansyal na programa. Isasama rin sa kasunduan sa gawad ang pag-uulat, pagsunod, at iba pang mga kinakailangan alinsunod sa Gabay sa Pagsunod at Pag-uulat ng US Treasury para sa mga gawad ng pagpopondo ng ARP SLFRF. Magiging responsable ang mga aplikante sa pagtitiyak ng pagsunod ng proyekto sa lahat ng tuntunin at kondisyon ng aplikasyon, programa ng Pondo, at mga hinihingi sa pagpopondo ng pederal na ARP SLFRF.

Ilalabas lamang ng Authority ang mga gawad sa aplikante. Ilalabas ang mga gawad na pondo nang paunti-unti habang nagkakaroon ng mga gastos sa proyekto at ipo-prorate sa iba pang mga pinagmumulan ng pagpopondo kung saan pinananaig ang pamantayan sa pagpapanatili ng konstruksyon ng NJEDA hanggang sa makumpleto ang proyekto o kaya naman, maaaring ilabas ang mga gawad na pondo sa pakikipagtulungan sa proseso ng paglalabas ng iba pang tagapagpautang.

Ang mga kahilingan sa paglalabas ng pagpopondo ay kailangang may katibayan ng sumusuportang dokumentasyon na nagkaroon ng mga gastos, ginampanan ang gawain nang alinsunod sa mga umiiral na hinihinging pagsunod sa pamantayan sa sahod at paggawa, at tinapos ang trabaho nang naaayon sa pag-apruba ng proyekto at mga karapat-dapat na paggamit ng pagpopondo ng programa.

Ibibigay ang pinal na kabayaran ng mga gawad na pondo pagkatapos masiyasat ng NJEDA ang nakumpletong proyekto at natanggap ang pansamantalang sertipiko ng pag-okupa o sertipiko ng pag-okupa gaya ng napagpasyahan ng NJEDA.

Mga Singil

Kailangang magbayad ng singil na \$1,000 sa panahon ng pagsumite ng aplikasyon.

Karagdagang Impormasyon

Matatagpuan ang komprehensibong impormasyon tungkol sa Pongong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon sa

[Pongong Pangkonstruksyon sa Panahon ng Implasyon - NJEDA](#)

Ang mga tanong tungkol sa Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo ay dapat isumite sa realestateinfo@njeda.com.

Napapailalim ang NJEDA sa mga batas ng Pamahalaan ng Estado at Pederal na Pamahalaan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na maaaring maapektuhan ang mga kaanib: N.J.S.A. 52:32-60.1, at mga kasunod, na pinipigilan ang mga entidad ng pamahalaan ng New Jersey sa mga partikular na pakikipag-areglo sa mga negosyo sa nasa listahan ng Treasury na sangkot sa mga ipinagbabawal na aktibidad sa Belarus o Russia; N.J.S.A. 24:61-49 na nagsasaad na ang mga sumusunod ay hindi karapat-dapat sa karamihan sa mga insentibong pang-ekonomiya ng Estado at lokal na pamahalaan (a) isang indibidwal o entidad na inisyuhan ng lisensyang magpatakbo bilang nagtatani, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyong naghahatid ng cannabis, o

taga-empleyo ng tagapangasiwa ng cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at (b) may-ari ng property, developer, o tagapagpatakbo ng proyektong gagamitin, ang kabuuan o bahagi nito, sa pamamagitan ng o upang mapakinabangan ng nagtatanim, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis, o magpatrabaho sa nangangasiwa sa cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at N.J.S.A. 52:13D-12, at kasunod., na nagbabawal sa isang miyembro ng Lehislatura o isang opisyal o empleyado ng Estado o kanyang mga katuwang o korporasyon kung saan pag-aari o kontrolado ang mahigit 1% ng stock na gawin o ipatupad ang nasa kontrata, kasunduan, pagbebenta, o pagbili ng\$25.00 o higit pa, na ginawa, pinasok, iginawad o ibinigay ng anumang ahensya ng Estado, na may mga partikular na limitadong eksepsyon.